# Mga kotse at Pagmamaneho

Ang pagkakaroon muli kakayahan na makapagmaneho ay may malaking epekto sa iyong kakayahang gumawa mag-isa at kalidad ng iyong buhay. Sa maraming mga adaptive driving equipment at mga pagbabago sa sasakyan na available ngayon, kahit na ang mga taong may limitadong pagkilos ng kamay at braso ay maaaring matuto muli kung paano mag-drive.



## TANONG: Makakapagmaneho ba ako muli?

Ang Certified Driver Rehabilitation Specialist (CDRS) ay maaaring magtasa kung o kailan nararapat para sa iyo na magmaneho muli at pati na rin ang mga tiyak na pagbabago at mga equipment sa pagmamaneho para maangkop sa iyong mga pangangailangan. Ang pagtatasa ay karaniwang binubuo ng parehong clinical at behind-the-wheel na assessment. Susuriin nito ang iyong paningin, lakas ng muscle, flexibility, saklaw ng kilos, koordinasyon ng kamay at mata, oras ng reaksyon, pagdedesisyon, at ang kakayahan mong makapagmaneho gamit ang adaptive equipment. Maaaring isaalang-alang ng evaluator ang mga gamot, at maaaring kailangan mo ng reseta para sa evaluation. Para makahanap ng lokal na kuwalipikadog

CDRS, tumawag sa lokal na rehabilitation center o makipag-usap sa Association for Driver Rehabilitation Specialists (tingnan sa ibaba).

## TANONG: Ano ang proseso para magkaroon ng binagong driver's license?

Ang bawat estado ay may iba't ibang mga requirement para sa mga driver na may kapansanan. Sa karamihang mga kaso, kailangan mong kumuha ng nakasulat na pagsusuri para makakuha ng permit at tapos ay mag road test gamit ang iyong binagong sasakyan para makakuha ng lisensya. Tiyakin sa Department of Motor Vehicle sa iyong estado para malaman kung paano iparehistro ang iyong kotse, kunin ang iyong lisensya at ayusin ang anumang ibang mga partikular na requirement. Maaari kang makakuha ng restricted license batay sa paggamit ng mga adaptive device. Maaaring kailangan mo rin kumuha ng driver's education na kurso.

**Mga Hakbang sa Pagmamaneho**

- Kausapin ang iyong physician tungkol sa nais mong magmaneho. Maaaring kailangan mo ng reseta.
- Makipag-ugnayan sa Certified Driver Rehabilitation Specialist para matasa ang iyong mga kakayahan at pangangailangan
- Makipagtulungan sa isang lokal na car dealer (nagbebenta ng sasakyan) para maunawaan ang mga opsyon sa pagbabago (ng sasakyan) at mga gastusin
- Magpunta sa Department of Motor Vehicles sa iyong estado para ma-review ang proseso sa pagbibigay ng lisensya
- Imbestigahan ang iba't ibang mga opsyon ng financing ng sasakyan

## TANONG: Ano-ano ang mga klase ng pagbabago na kakailanganin ko?

Depende sa iyong mga pangangailangan, maaaring may equipment ang sasakyan na may mga hand control para sa pagpreno at pagpapatulin, power assist device para madaling steering, touch ignition pads at kambyo, naaayos na mga driver's seat, automatic door opener, at mga joystick para sa mga taong lubusan ang limitasyon sa pagkilos ng kamay. Kailangan mong magpasya kung ikaw ay magmamaneho mula sa iyong wheelchair o lilipat papunta dito mula sa isang car seat. Kung ikaw ay nagmamaneho mula sa iyong wheelchair kailangan mo ng tie down system, tulad ng EZ Lock. Tiyakin na makakakuha ka ng permanent wheelchair bago ka bumili ng adapted vehicle dahil hindi ang lahat ng mga wheelchair ay kasya sa lahat ng mga uri ng sasakyan.

## TANONG: Dapat ba akong bumili ng bagong sasakyan o baguhin ang kasalukuyan kong kotse?

Ang pagpili ng sasakyan para mabago ay kailangan ng pakikipagtulungan sa CDSR at isang kuwalipikadong vehicle modification dealer. Dapat isaalang-alang ang ilang mga bagay:

- Ikaw ba ang magmamaneho o isang pasahero? Kung hindi ka magmamaneho, ano ang espasyong kailangan mo bilang pasahero?
- Ikaw ba ay magmamaneho mula sa wheelchair at kailangan ng rampa o lift, o makakalipat ka sa car seat?
- Kaya bang lagyan ng hand control ang sasakyan, isang required na lift o rampa at iba pang mga equipment? May sapat ba na headroom (espasyo para sa ulo)? Makakaupo ka ba sa iyong wheelchair ng hindi tumatama ang iyong tuhod sa dashboard?
- Ano ang mga laki ng paradahan at garahe at mga pangangailangan para alisin o ikarga ang wheelchair o isang mobility device?
- Ano-anong mga device at pagbabago ang maaaring sakop ng ikatlong panig?

Maraming iba pang dapat ikonsidera. Ang iyong edad pati na rin ang mga dating kahinaan ng iyong mga balikat ay nangangahulugan na hindi ka makakalipat at hindi mo mahihila ang silya sa likod mo para makalas ito. Siguraduhin na ikonsidera ang lahat ng mga gagastusin mo, mga pangangailangan at opsyon bago magdesisyon.

## TANONG: Saan ko dapat baguhin o saan ako dapat bumili ng aking sasakyan?

Maraming mga online na mapagkukuhanan ng impormasyon na makakatulong sa iyong makahanap ng kuwalipikadong dealer sa iyong area (tingnan sa ibaba). Pinakamainam na bilhin ang iyong accessible equipment ng personal (kaysa online) para matiyak na kasya ito, wasto ang serbisyo, at kaligtasan. Siguraduhin na magtanong at tingnan ang mga credential at mga inirekumenda. Dapat kang makipag-ayos sa dealer at sa iyong evaluator. Maaaring kailangan ang isang reseta. Kailangan mo rin magtanong tungkol sa equipment training, serbisyo, at garantiya. Ang Abilities Expos (https://www.abilities.com/expos/) ay nagaganap sa iba't ibang mga lungsod taon-taon at naghahandog ng isang venue para makita ang iba't ibang mga adapted car at van model at equipment.

## TANONG: Paano ko mababayaran ang isang binagong sasakyan?

May maraming mga mapagpipilian na pampubliko at pribadong financing na available para makatulong na gawing mas abot-kaya ang iyong sasakyan. Tanungin sa iyong dealer ng sasakyan, lokal na bangko o nagpapahirap para sa mga opsyon sa financing. Hindi karaniwan na ang mga bank loan ay sumasakop lang sa adaptive vehicle at walang ibang adaptive equipment ang kinakailangan para gawing ganap na angkop ang iyong sasakyan kaya't tiyakin na magtanong kung ang pandagdag na equipment ay sakop rin ng loan kung dadaan sa

bangko. Ang Department of Vocational Rehabilitation sa iyong estado o ang Department of Veteran Affairs ay maaaring makatulong depende sa iyong pagiging eligible. Ang ilang mga manufacturer ng sasakyan ay may ipinagkakaloob na pinansiyal na tulong sa pamamagitan ng mga rebate o reimbursement (pagbabalik ng ibinayad). Ang iba pang mga opsyon ay kinabibilangan ng mga grant program sa pamamagitan ng lokal at pambansang non-profit at special financing assistance programs mula sa mga organisasyon tulad ng Adaptive Driving Alliance (tingnan sa ibaba). Ang mga trade-in ng sasakyan at benta sa estado at/o income tax savings ay maaari rin makatulong para mabawasan ang iyong mga gastusin. Tiyakin na tingnan kung may anumang mga pagbabago sa sakop ng iyong insurance o workers' compensation at kumuha ng nakasulat na pahayag ng sakop na kuwalipikadong mga gastusin.

Mga Pinagkukuhanan ng Impormasyon: Adaptive Driving Alliance, Christopher & Dana Reeve Foundation

**Gusto mong may makausap?**

Ang aming Information Specialist ay available na sagutin ang iyong mga tanong. Tumawag ng toll-free 1-800-539-7309 Lunes hanggang Biyernes, 9 am-8 pm EST. Mag-schedule ng tawag o magtanong online sa https://www.christopherreeve.org/tl/get-support/ask-us-anything/form

Ang impormasyong nilalaman ng mensaheng ito ay ipinapakita para sa layunin ng pagtuturo at pagbibigay impormasyon sa iyo tungkol sa paralysis at mga epekto nito. Walang anumang nilalaman sa mensaheng ito ay dapat pakahulugan ni hindi nilalayon na gamitin bilang medikal na diagosis o paggagamot. Hindi ito dapat pumalit sa payo ng iyong doktor o iba pang kuwalipikadong health care provider. Kung mayroon kang mga tanong na may kaugnayan sa pangangalaga ng kalusugan, mangyaring tawagan o magpatingin sa iyong doktor o iba pang kuwalipikadong health care provider kaagad. Parating magpakonsulta sa iyong doktor o iba pang kuwalipikadong health care provider bago magsimula ng bagong treatment, diet o fitness program. Hindi mo kailanman dapat di pansinin o patagalin ang mga ito dahil sa isang bagay na nabasa mo sa mensaheng ito.

Ang publikasyon na ito ay sinusuportahan ng Administration for Community Living (ACL), U.S. Department of Health and Human Services (HHS) bilang bahagi ng pinansiyal na tulong na may total na $8,700,000 na may 100 porsiyentong pagpopondo ng ACL/HHS. Ang mga nilalaman ay iyong mula sa (mga) may akda at hindi nangangahulugan na opisyal itong mga pananaw, ni hindi pag-endorso, ng ACL/HHS, o ng Gobyerno ng Estados Unidos.